# COUNTY NG SAN DIEGO


**TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE**

**5600 OVERLAND AVENUE, SUITE 100, SAN DIEGO, CA 92123**

**Telepono (858) 565-5800 Fax (858) 505-7294 TTY/TDD (800) 735-2929**

**Email: VBMFORMS@sdcounty.ca.gov**


## PORMA NG PIRMA AT PAHAYAG NG BERIPIKASYON

**PAUNAWA: ANG ISA SA MGA SUMUSUNOD AY NAAANGKOP SA INYO:**

- **HINDI NINYO NAPIRMAHAN ANG INYONG SOBRE NG IDENTIPIKASYON NG PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO O PROBISYONAL NA BALOTA, O**
- **ANG INYONG PIRMA AY HINDI MABERIPIKA SA INYONG SOBRE NG IDENTIPIKASYON NG PAGBOTO-SA-KOREO O PROBISYONAL NA BALOTA**

**BASAHIN NANG MABUTI ANG MGA INSTRUKSYON NA ITO. ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA INSTRUKSYON NA ITO AY MAAARING MAGING DAHILAN SA HINDI PAGBILANG NG INYONG PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO O PROBISYONAL NA BALOTA.**

Ang PAHAYAG na ito ay dapat makumpleto ng botante at ibalik sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas ng **ika-5 ng hapon (Pacific Standard Time) sa Ika-1 ng Disyembre, 2024**. Dapat ninyong punan ang PAHAYAG na ito nang kumpleto at ilagay ang inyong pirma.

Maaari ninyong ibalik ang PAHAYAG na ito sa pamamagitan ng:

- **PAG-DROP-OFF** ng inyong pinirmahang PAHAYAG sa:
  - Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego (5600 Overland Avenue, Suite 100, San Diego 92123, Lunes hanggang Biyernes ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon)
    *Pakitandaan na ang opisina ay magsasara sa Ika-28 hanggang Ika-29 ng Nobyembre, 2024 bilang paggunita sa Thanksgiving holiday.*
  - Alinmang lokasyon ng Ballot Drop Box (bisitahin ang sdvote.com para sa mga lokasyon at mga oras ng operasyon)
  - Alinmang Vote Center (piling mga site ay bukas mula Ika-26 ng Oktubre hanggang Ika-4 ng Nobyembre, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; Araw ng Eleksyon, Ika-5 ng Nobyembre, mula ika-7 ng umaga hangggang ika-8 ng gabi)
- **PAGPAPAKOREO** ng inyong pinirmahang PAHAYAG sa aming opisina. Ang inyong pinirmahang PAHAYAG ay dapat matanggap sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas ng ika-5 ng hapon sa Ika-3 ng Disyembre, 2024 (*Hindi Tinatanggap ang Postmark*). Kung ibabalik ninyo ang pormang ito sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong lagyan ng selyo ang sobre.
- **PAG-FAX** ng pinirmahang PAHAYAG sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (858) 505-7294.
- **PAG-EMAIL** ng pinirmahang PAHAYAG sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa VBMFORMS@sdcounty.ca.gov.

Ako, si ______________________________________________ , ay isang nakarehistrong botante ng County ng
*(I-print ang Pangalan ng Botante)*
San Diego, Estado ng California. Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa (perjury) na natanggap ko at ibinalik ko ang pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo o probisyonal na balota at na hindi pa ako bumoto at hindi boboto nang higit sa isang balota sa eleksyon na ito. Ako ay isang residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang taong makikitang nakapangalan sa pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo o sobre ng probisyonal na balota. Nauunawaan ko na kapag ako ay nakagawa o nagtangka ng anumang pandaraya na may kinalaman sa pagboto, o kapag ako ay tumulong o maging kasabwat sa pandaraya o magtangka na tumulong o maging kasabwat sa pandaraya na may kinalaman sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na may parusang pagkakakulong ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang aking pagkabigong mapirmahan ang pahayag na ito ay nangangahulugan na ang aking pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo o probisyonal na balota ay hindi karapat-dapat na mabilang.

### KUMPLETUHIN ANG LAHAT NG IMPORMASYON

**PIRMA NG BOTANTE:**______________________________ **PETSA NG KAPANGANAKAN:** ____________
*HUWAG I-PRINT (Hindi maaaring tanggapin ang Power of attorney)*

**PIRMA NG SAKSI, kung kinakailangan:** ______________________________
*(Kung hindi makapirma ang botante, maaari silang gumawa ng isang markang sinaksihan ng isang taong mahigit sa edad na 18 taon.)*

**NAKAREHISTRONG ADRES NG TIRAHAN:**______________________________
*(Adres ng Kalye)*

______________________________________________
*(Lungsod)* *(Estado)* *(Zip Code)*

### FOR VOTE-BY-MAIL STAFF USE ONLY

**AVID#:**______________ **Initials:** ____________ **Return Date:** ____________